# Manalo ng $50 Gift Card para sa Iyong Unang Eksaminasyon sa Kalusugan




SAN FRANCISCO HEALTH PLAN
*Here for you*



**Tumawag sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)* upang ipaiskedyul ang una mong eksaminasyon sa kalusugan sa loob ng 120 araw (4 na buwan) mula nang sumali sa SFHP.**

Makikita mo ang numero ng telepono ng iyong PCP sa iyong ID card mula sa SFHP.

Pagkatapos ng iyong unang eksaminasyon sa kalusugan, isasali ka sa isang raffle para sa isang $50 gift card.**



**Dapat kang magpatingin sa iyong PCP kahit na malusog ka.** Mahalaga ang maagang pagpapatingin para sa mga bata, buntis, at taong may mga pangmatagalang problema sa kalusugan, tulad ng hika o diabetes.



**Sa iyong eksaminasyon sa kalusugan:**

- Susuriin ang iyong mga vital sign (tulad ng timbang at presyon ng dugo mo).
- Magtatanong ang iyong PCP tungkol sa iyo at sa kalusugan ng pamilya mo.
- Maaari kang magtanong tungkol sa kahit ano o sa mga alalahanin sa kalusugan ng iyong katawan o isip.
- Maaari kang ikonekta ng iyong PCP sa isang klase sa kalusugan o maaari ka niyang tulungan sa pagkain, pabahay, transportasyon, at iba pang suporta.

Makakatulong sa iyo ang pagpunta sa una mong eksaminasyon sa kalusugan para manatiling malusog sa kasalukuyan at maiwasan ang anumang problema sa kalusugan sa hinaharap.

**Tumawag sa iyong PCP at magpa-appointment ngayong araw!** Makikita mo ang numero ng telepono ng iyong PCP sa iyong ID card mula sa SFHP.

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-iskedyul ng una mong eksaminasyon sa kalusugan, maaari kang tumawag sa Serbisyo sa Customer ng SFHP sa **1(415) 547-7800** o sa **1(800) 288-5555** (toll-free). Available ang TTY para sa mga taong bingi, nahihirapang makarinig, o may mga kapansanan sa pagsasalita sa **1(415) 547-7830, 1(888) 883-7347** (toll-free), o sa **711.**

Alamin ang tungkol sa iba pang programa sa gift card ng SFHP sa **sfhp.org/rewards.**

*Ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ay ang iyong pangunahing doktor, assistant ng doktor, o nurse practitioner.

**Kung mananalo ka sa raffle, awtomatikong magpapadala sa iyo ng $50 gift card sa koreo. Makukuha ng mga mananalo sa raffle ang gift card 5 buwan pagkatapos nilang unang maging miyembro ng SFHP. Hindi ka aabisuhan kung hindi ka nanalo. Ginawa dapat ang iyong unang eksaminasyon sa kalusugan sa loob ng 120 araw (4 na buwan) mula nang sumali sa SFHP para makuha ang gift card. Wala kang kailangang sagutang form para makuha ang gift card. Hindi magagamit ang mga gift card para sa pagbili ng alak, tabako, o armas.

489801 1023